PAHAYAGAN NG
Kabitenyo
ISSN-1656-0558
VOL. 20 NO. 51 FEBRUARY 14 - 20, 2022 10.00

# US gov't turns over assault boat facility in Cavite

**MANILA—The United States government has turned over to the Philippines a newly constructed assault boat pier and maintenance bay facility in Ternate, Cavite, in a bid to strengthen maritime security in the region.**

The facilities will be used primarily by the Philippine Marine Corps Assault Boat Battalion for sea-to-shore amphibious and maritime operations.

“The PMC is a driving force in our shared vision for enhanced maritime security in the region. This project displays the collective commitment of our nations to invest in long-term, shared success,” US Embassy in the Philippines Chargé d’Affaires ad interim Heather Variava said in a statement issued Monday.

The facilities, which were turned over on Thursday, include a boat ramp, jetty with landing pad, pier, access road, and maintenance bay.

Valued at $5 million or P256.9 million, the Ternate facilities are part of 3 projects under the US Foreign Military Financing grant.



US Embassy in the Philippines handout photo

## Higit 1,700 estudyante mula sa Carmona, tumangap ng “Cash Load Assistance”

Tumanggap ng tulong pinansyal ang nasa 1744 mag-aaral sa bayan Carmona sa ilalim ng Cash Load Assistance Program o CLAP ng Pamahalaang Bayan, Pebrero 5.



Batay sa pabatid ni Carmona Mayor Roy Loyola, ang mga naturang mag-aaral ay mula sa mga pampublikong paaralan na nasa Learners’ Information System.

Unang nabigyang tulong ang mga mag-aaral mula sa Barangay 1 hanggang 8 habang sa susunod na iskedyul ang iba pang mga barangay sa kanilang bayan.

“Malaking tulong po ito sa distance learning ng ating mga mag-aaral ngayong pandemya. Asahan niyo po ang patuloy na suporta ng lokal na pamahalaan sa ating mga paaralan, guro at estudyante,” ani Loyola sa kaniyang pabatid sa social media.

Source: Atty. Roy M. Loyola (FB)

# Pag-unlad ng mga probinsya isama sa plataporma – Cayetano

Nanawagan si dating House Speaker at Taguig-Pateros Rep. Alan Peter Cayetano sa mga kandidato sa pagka-Pangulo na isama ang pagpapa-unlad sa mga probinsya sa kanilang plataporma.




Ayon kay Cayetano, bukod sa pantay na pagbibigay ng pondo, dapat ay hayaan na rin ang mga lokal na pamahalaan na pangasiwaan ang mga proyekto sa kanilang lugar.

“Ako’y naniniwala, dapat ‘yung planning at bidding, dun na rin gawin sa lugar nila. Kasi kung taga-roon ang gagawa, iwas corruption ‘to kasi ang local media, mababantayan nang husto,” sabi ni Cayetano na tumatakbo sa pagka-senador sa paparating na halalan.

Matagal na umanong itinutulak ni Cayetano ang kaunlaran sa labas ng Metro Manila na layunin din ng pederalismo na siyang dahilan kung bakit tumakbo ito sa kasama si Pangulong Rodrigo Duterte noong 2016.

Sinabi ni Cayetano na maaaring madala ang pag-unlad sa mga probinsya nang hindi inaamyendahan ang Konstitusyon.

“Kahit hindi natin palitan yung Constitution, we can continue to devolve, to decentralize, and to empower ‘yung mga provinces natin, lalo yung mga island provinces,” dagdag pa ni Cayetano.

Posible umano na ipasa ng national government ang ilang kapangyarihan nito sa mga lokal na pamahalaan kasabay ng pagbibigay sa mga ito ng mas malaking pondo para mapaunlad ang kani-kanilang lugar.

## Maliksi: “Sigaw ng mga Imuseno: Senator Ping for President, Senator Sotto for Vice President

Nagpasalamat si Imus City Mayor Emmanuel Maliksi sa pagiging bahagi ng ginanap na Proclamation rally sa Imus Grandstand nina Presidential aspirant Ping Lacson at Vice Presidential aspirant Vicente Sotto III.




Aniya, “Mula sa Imus at para sa Imus: ang ating Senator Ping Lacson!”

“Isang malaking karangalan ang makasama sina Sen. Ping Lacson at Sen. Tito Sotto, pati na ang kanilang senatorial slate sa pagharap nila sa ating mga kababayan sa kanilang proclamation rally sa Imus Grandstand ngayong araw,” dagdag pa ng alkalde.

Hinikayat rin ni Maliksi ang bawat isa na magbuklod para sa pagbibigay suporta sa Lacson-Sotto tandem.

“Tayo’y kaisa sa kanilang hangarin ng isang ligtas, maunlad, at nagkakabuklod-buklod na bansa, at hiling natin ang suporta ng bawat Imuseño, Caviteño, at Pilipino sa laban na ito,” pahayag ni Maliksi.

“Sigaw ng mga Imuseño: Senator Ping for president, Senator Sotto for vice president,” saad niya.

Source: Emmanuel Maliksi (FB)




ACCEPTING ADS - 0928-4682788 * E-mail add: pahayaganngkabitenyo@Yahoo.com

## TumulaTayo! 2022, bukás na sa mga kalahok!

Ang TUMULA TAYO ay isang online na timpalak sa pagsulat ng katutubong tula (Diyóna, Dalít, o Tanagà) na itinataguyod ng Komisyon saWikang Filipino, sa Buwan ng Panitikan. Ito ay bilang pakikiisa sa pagdiriwang ng UNESCO International Decade of the Indigenous Languages (2022-2032) na nakaangkla sa Deklarasyon ng Los Pinos (Los Pinos Declaration) na nagtataguyod ng karapatan ng Mámamayáng Katutubo sa malayang pagpapahayag, pagkakaroon ng akses sa edukasyon, at partisipasyon sa mga gawaing pampamayanán gámitang katutubong wika bílang pangunahing kahingian sa pagpapanatili ng buháy ng mga wikang pamana na ang karamihan ay nanganganib na ng maglaho.

Para sa edisyong 2022, bukás ang timpalak sa mga Diyóna, Dalít, at Tanagá na nakasulat sa wikang Filipino na pumapaksa sa "Pagpapahalaga sa Kasaysayan, Kultura, Karapatan, Kapakanan, at Wikang mga katutubo (Indigenous Peoples)".

Mga tuntunin:

Ipapaskil ang mga tula (Diyóna, Dalít, o Tanagà) sa seksiyon ng mga komento (comment section) sa nakatalagang poster para sa bawat anyong tula. Susundin ang sumusunod na iskedyul para sa pagpapaskil:

7-20 Pebrero 2022 - Diyóna

21 Pebrero-6 Marso 2022 - Dalít

7-20 Marso 2022 - Tanagà

Magiging opisyal ang mga lahok kapag ipinaskil ito sa seksiyon ng komento (comment section) ng partikular na poster para sa anyo na matatagpuan sa page ng KWF.

Tatanggap ng mga orihinal na tula na nakasulat sa wikang Filipino at may paksang "Pagpapahalaga sa Kasaysayan, Kultura, Karapatan, Kapakanan, at Wikang mga katutubo (Indigenous Peoples)"

Ang mga gantimpala ay ang sumusunod:

Unang gantimpala, PHP5,600.00

Ikalawang gantimpala, PHP3,360.00

Ikatlong gantimpala, PHP2,240.00

Angmga gantimapala ng nabanggit ay mababawasan ng kaukulang buwis (12%)

Maaaring lumahok sa lahat ng kategorya ngunit isang entry lamang sa bawat kategorya ang tatanggapin.

Isang beses lamang mananalo ang isang kalahok sa lahat ng kategorya.

Pinal at hindi na mababago ang magiging pasiya ng mga hurado sa timpalak.




## EDITORYAL - Hinay-hinay sa pagluluwag

Sa Lunes ihahayag ng pamahalaan ang bagong alert levels na ipatutupad sa National Capital Region (NCR) na magkakabisa sa Pebrero 16-28. Magsasagawa pa raw ng assessment sa pandemic situation ang Inter-Agency Task Force for the -Management of Emerging Infectious Diseases (IATF) sa ipatutupad na bagong level. Magkakaroon pa umano nang masinsinang meeting sa weekend bago ihayag ang bagong alert levels.

May nagsasabing isasailalim na sa Alert Level 1 ang NCR dahil sa sunud-sunod na pagbaba ng kaso ng COVID sa mga nakaraang linggo. Kahapon mahigit 3,000 ang naitalang kaso ng Department of Health (DOH). Sabi ng OCTA Research Group, sa Marso ay maaaring 1,000 na lang ang arawang kaso. Basta tuluy-tuloy lang daw ang pagsunod sa health protocols ay pababa na nang pababa ang kaso hindi lamang sa NCR kundi sa buong bansa. Ayon kay Dr. Guido David, OCTA Research fellow, mula sa 8.93 average daily attack rate sa NCR, naging 7 na lamang ito na isang senyales na patungo na talaga sa pagbaba ang level ng infections at magiging "low risk".

Agad namang humirit ang mga establisimento, partikular ang mga restaurant na dagdagan na ang sitting capacity nila para madagdagan ang kita sa araw-araw. Kailangan daw makabawi sa pagkalugi. Ganito rin ang hirit ng mga gym, spa at mga barber shops. Kung ang face-to-face classes daw ay pinayagan nang makabalik, bakit hindi ang mga istablisimento. Kailangan na raw nilang kumita para masustentuhan ang pang-araw-araw na buhay.

Kapag inilagay sa Alert Level 1 ang NCR sa Lunes, tiyak na parang pinakawalan na naman ang mga tao. Ganito ang nangyari noong Disyembre na nagluwag ng alert level. Nagdagsaan sa pamimili sa Divisoria, kasama ang mga bata. Pati mall ay napuno ng tao. At ang resulta, dumami ang nagkahawahan. Umabot sa mahigit 30,000 ang nagka-infection.

Huwag munang ura-uradang magbaba ng alet level. Nararapat munang mag-obserba at pag-aralan ang lahat. Lalo pa ngayon na panahon ng kampanya na halos dikit-dikit na ang mga tao para makalapit sa kandidato. Dapat hindi pabigla-bigla sa pagluluwag at baka sumipang muli ang kaso ay masira ang ginawang pag-iingat. Sayang naman ang pinaghirapan.

**EDITOR'S NOTE:** All comments and opinions submitted by our contributing writers and herein published shall remain as personal opinion of our column writers. Viewliner shall not be held liable to any legal issues related to any commentaries that may appear herein.

DOST

PAHAYAGAN NG Kabitenyo
In God We Trust
ISSN-1656-0558
An English-Filipino newsweekly published every Monday by Pahayagan ng Kabitenyo with Editorial and Business Office at Unit-D 147 Panapaan IV, P.F. Espiritu IV, Bacoor, Cavite 4102.
Email: pahayaganngkabitenyo@Yahoo.com
Email: pahayagancavite@gmail.com
Entered as Second Class Mail at Postal Region IV San Pablo City under Permit N0 200305 on May 27, 2003
PAPER.Ph EST. 2019 MEMBER

**ERNA BALAGTAS ANCHETA**
Publisher

**DIOSDADO ARIEL F. ALTO, JR.**
Editor-In-Chief

**DIOSAN MARUAL**

**KCEE NACION**
Marketing & Circulation Manager

**ATTY. EVELYN R. DOMINGUEZ**
Legal Counsel

| | |
|---|---|
| SUBSCRIPTION RATE : | P1,000.00/year |
| Advertising Rate : | P200.00/col. cm. |
| Legal Rate : | P160.00/col. cm. |



Ginaganap noong Biyernes sa lalawigan ng Cavite ang caravan ni Presidential Aspirant Bong Bong Marcos kung saan makikita na kasama niya si Cavite Governor Jonvic Remulla.

Ang naturang caravan ay iikot mula sa bayan ng Tanza hanggang sa General Trias City.

Bagong Isolation Facility sa Imus, ipinasilip ni Mayor Emmanuel Maliksi.

"Ang Isolation Facility ng ating lungsod, may bagong tahanan na!" ayon sa post ng alkalde.

Mamamataan ang nasabing bagong pasilidad sa Villa Emmanuel Townhomes ng Brgy. Medicion 2-A batay sa alkalde. Maaari rin umanong makipag-ugnayan kung kinakailangan sa nasabing Isolation Team sa mga numerong 0966-198-0912 (Globe/TM) o 0969-181-1937 (Smart).

"Patuloy tayong nagbubuklod-buklod para sa mabilisang paggaling ng COVID-19 cases sa ating lungsod," dagdag ng alkalde.

Source/Photos: Emmanuel Maliksi/FACEBOOK





Ibinahagi ni Councilor Kiko Barzaga ang naganap na groundbreaking ceremony para sa itatayong Socio-Economic Building sa lungsod ng Dasmarinas, Pebrero 9.

Source/Photos: Kiko Barzaga (FB)

Ika-58 na anibersaryo ng kamatayan ni Heneral Emilio Aguinaldo, inalala sa Aguinaldo Shrine sa Kawit, Cavite kamakailan.

Sa post ni Mayor Angelo G. Aguinaldo at bilang apo sa tuhod ng dating Pangulong Heneral, ipinabatid niya ang pagalala sa kontribusyon nito ukol sa pamamahala nito sa bayan.

"Marami tayong matututunan sa buhay ni Lolo Miong. Ngunit isa sa pinakatumatak sa akin ay ang pangunguna niya sa rebolusyon at pamamahala sa ating bayan. Ito rin ang inspirasyon ko sa maayos na pamumuno at pagbibigay ng Rated Triple A na serbisyo sa mga Kawiteño," pagbabahagi ng alkalde.

Kasama rin niya sa naturang selebrasyon ang ,mga bumubuo Team Puso at Malasakit ng bayan.

"Maraming salamat po, Lolo Miong, para sa iyong malasakit sa ating kababayan at para sa matapang mong puso upang makamit ang ating kalayaan," dagdag niya.

Source/Photos: Angelo G. Aguinaldo; PIA Cavite/FACEBOOK



## RESBAKUNA KIDS!

Nitong Pebrero 9 ay opisyal na sinimulan sa lungsod ng Tagaytay ang kanilang pagbabakuna para sa mga mga batang nasa edad lima (5) hanggang labing-isa (11) taon.

Ang nasabing aktibidad ay isinagawa sa sikat na pasyalan na Skyranch Tagaytay bilang pakikiisa sa pagsisimula ng pediatric vaccination sa bansa.

Tinatayang nasa 200 kabataan ang nabigyan ng bakuna at mayroon ring mga loot bags at food packs bilang regalo sa kanilang pakikilahok, ayon sa pabatid ng LGU.

Dinaluhan ito nina Vice Mayor Raymond A. Ambion, City Councilor Athena Tolentino, Aniela Tolentino, Dr. Nelson C. Soriano, PHSAE, Provincial Health Officer I, Cavite, at iba pang kawani ng lungsod maging ng IATF.

Source/Photos: City Government of Tagaytay






# TIKTOK, PLDT-SMART TAPPED IN DRIVE VS ONLINE SEXUAL ABUSE, CHILD EXPLOITATION




The government has tapped telecommunications companies, TikTok creators, and an international human rights group in its fight against online sexual abuse and exploitation of children.

In a statement, the Department of Justice (DOJ) said:

"The Department of Justice – Inter-Agency Council Against Trafficking (DOJ-IACAT), Philippine National Police – Woman and Children Center (PNP-WCPC) — International Justice Mission (IJM), TikTok, Philippine Long Distance Telephone, Inc., and Smart Communications, Inc. joined hands to urge the public to take a stand against the livestreamed sexual abuse and exploitation of children."

The DOJ said the campaign was launched as the world celebrates Safer Internet Day on Tuesday, Feb. 8.

"Our Safer Internet Day campaign dubbed #NotOnOurScreens aims to cultivate a culture of vigilance against the trafficking of Filipino children through the creation and propagation of child sexual exploitation material (CSEM)," it said.

It added that "influential TikTok creators participated in the campaign by posting informational videos and directing users to PNP-WCPC hotlines."

The PNP-WCPC also runs a 24-hour Facebook page helpline called "AlengPulis" where people can report online sexual exploitation of children and other incidents of abuse and exploitation of women and children.

Among the TikTok creators tapped, the IJM was able get the help of lawyer Cherie Maryse Alcantara and Jan Abigail Maravilla.

The DOJ statement said that Alcantara created and posted videos about the nature of online sexual exploitation of children and its legal consequences for perpetrators, while Maravilla, known for her educational tech-related videos, underscored the critical role of technology and financial sector in the detection, disruption, and prevention of livestreamed child sexual exploitation.

"We are also delighted to work alongside one of the world's largest social media platforms, TikTok, and the country's largest telecommunication company, PLDT and Smart, in making the internet safer for every Filipino child," said lawyer Samson Inocencio Jr., regional vice president of IJM Programs Against Online Sexual Exploitation of Children.

On the part of the telecommunications giant, PLDT and Smart, First Vice President and Group Head for Corporate Communications Cathy L. Yap-Yang said the telecommunications giant "support the IJM and the Philippine government in their efforts to continuously broaden the coalition against online sexual exploitation of Filipino children."

"Driven by our pioneering Child Safeguarding Policy, we have also rolled out child online safety education to over 37,000 stakeholders and implemented capacity-building interventions for barangay councils for the protection of children in most affected areas," Yang said.

The executive also cited that the company was also to able "to block access to an accumulation of over 179,000 uniform resource locators (URLs) linked to online child abuse through our network-embedded Child Protection Platform, as of Jan. 31."

DOJ-IACAT Undersecretary-in-Charge Emmeline Aglipay-Villar pointed out that the online sexual exploitation of children as "the worst form of trafficking today."

"More than ever, there is a greater need now to stay alert against this crime," she stressed.

"We at IACAT call on the public to help fight this crime by reporting it to authorities," she added.

She said that in 2021, the DOJ had 138 convictions based on IJM-supported operations.

Source: Jeffrey Damicog/Manila Bulletin






PAHAYAGAN NG Kabitenyo
ISSN-1656-0558
VOL. 20 NO. 51 FEBRUARY 14 - 20, 2022 10.00

# DASMARIÑAS CHESS WIZARD, AABANTE SA CHESS MEN'S CLASH SA SEAG



Sa pagkapanalo ng Dasmarineñong International Master na si Daniel Quizon sa ginanap na Grand Finals ng Chess Men's Division sa Blitz event, siya na rin ang magiging kinatawan ng bansa para sa Southeast Asian Games (SEAG).

"Congratulations sa ating chess wizard na si Interna?ional Master Daniel Quizon! Siya ay nanalo muli at nakamit ang GOLD sa grand finals ng Chess Men's Division kahapon para sa Blitz event, Pebrero 10, 2022," ayon sa post ni Cong. Pidi Barzaga.

Bukod rito, siya rin ang itinanghal na kampeonato sa National Open Chess League sa Pilipinas, na nagsilbing tiket ng atleta upang maging representante sa parehong Standard at Blitz event ng Men's Division sa SEAG ngayong darating na Mayo sa bansang Vietnam.

"Congratulations muli Daniel! Makakasiguro ka sa suporta ng bawa't Dasmariñeno sa puso at diwa. The country and city is very very proud of you!" dagdag ni Cong. Barzaga.

GO DANIEL! SUPORTADO KA NAMIN! ???

Source: Cong. Pidi Barzaga




Nagsagawa ng Groundbreaking Ceremony ang mga opisyal ng lokal na pamahalaan ng Magallanes para sa bagong itatayo na Munisipyo sa Barangay San Agustin ng bayan ngayong araw, ika-8 ng Pebrero.

"Kasama po natin sa nasabing gawain ang aking ama na si Former Mayor Filomeno C. Maligaya na siya ang isa sa susi para maisakatuparan ang pagpapatayo ng ating bagong gusali," ayon sa facebook post ni Mayor Jasmin Bautista.

Pinasalamatan din ng alkalde si Governor Jonvic Remulla sa walang sawang suporta nito sa lalawigan ng Cavite.

Source/Photos: Jasmin Maligaya-Bautista (FB)

Angel's HAMBURGER
Ang Burger ng Bayan

ARMYNAVY
BURGER + BURRITO